



Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California

Mga programa ng Suporta sa Trabaho/Insentibo sa Hanapabuhay Sailalim ng Title XVI –SSI

Marso 2016, Pub. #5523.08

Ano ang Mangyayari Sa mga Benepisyo ng Aking SSI Kapag Nagtrabaho Ako?

Ito ang isa sa pinakamadalas na itinatanong, ng isang tumatanggap ng Supplemental Security Income (SSI), na gustong magtrabaho.

Ang Social Security Administration (SSA) ay nagkakaloob ng mga programa ng suporta sa trabaho/insentibo sa hanapbuhay na maaari kang matulungan sa iyong mga pagsusumikap sa hanapbuhay. Ang mga suporta sa trabaho/insentibo sa hanapbuhay na ito ay pahihintulutan ka na panatilihin ang ilan, o lahat, ng bayad ng iyong SSI at nasasaklawan ng MediCal habang nagbabago ka sa hanapbuhay. Ang sumusunod ay isang talakayan ng mga programa ng suporta sa trabaho/insentibo sa hanapbuhay ng SSA na nakalaan sa isang tumatanggap ng SSI na naghahanapbuhay.

I. Mga programa ng Suporta sa Trabaho/Insentibo sa Hanapbuhay ng SSI

Countable Income: Kapag tatanggap ka ng mga bayad at hanapbuhay ng SSI, dapat tukuyin ng SSA ang iyong countable income (CI). Ang CI ay ang halaga, ng iyong buwanang kabuuang mga kinita, na maibibilang sa bayad ng iyong SSI. Sa isang salita, mababawasan ang tseke ng iyong SSI ng halaga ng countable income.

Pagkalkula ng Iyong Countable Income: Kapag tinutukoy kung magkano sa iyong mga kinita ang mababawas sa bayad ng iyong SSI, kinakalkula ng

SSA ang iyong kinitang countable income (CI) sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa ilang eksklusyon at mga gastos na maibabawas, mula sa kabuuan ng iyong mga kinita. Kabilang sa mga gastos at eksklusyon na ito ang:

- *General Income Exclusion (GIE)* – Ibinabawas ang isang \$20 GIE mula sa anumang kita; kinita o hindi kinita.
- *Earned Income Exclusion (EIE)* – Binabawas ang isang \$65 EIE mula sa sahod lamang.
- *Limampung Porsiyento (50%)* disregard, limampung porsiyento ng subtotal na ito ay ibinabawas dahil sa bawat \$2.00 na kinikita mo, binabawasan ng SSA ang bayad ng iyong SSI nang \$1.00.
- Ang *Impairment Related Work Expense (IRWE)* ay isang gastos kaugnay sa iyong pagpapahina na sarili mong binabayaran na hindi naire-reimburse sa ano pa mang mga kalakal o serbisyo na nagpapahintulot sa iyo na maghanapbuhay.
- Ang *Student Earned Income Exclusion (SEIE)* ay isang eksklusyon ng mga kinita para sa isang estudyante na may kapansanan na naghahanapbuhay. Dapat edad 22 o mas mababa ang estudyante at kumukuha ng klaseng pang-edukasyon sa paaralan o bahay.
- Ang *Blind Work Expense (BWE)* ay isang gastos na natatamo sa hanapbuhay ng isang bulag na tumatanggap ng SSI. Tanging bulag na tao ang makakakuha ng BWE.
- Ang *Plan for Achieving Self Support (PASS)* ay isang kasangkapan na pinahihintulutan ang tumatanggap ng SSI na magtabi ng bahagi ng kanyang kinita/mga pinagkukunan para makaabot sa isang partikular na layuning bokasyonal.
- Ang *Property Essential for Self Support (PESS)* ay ari-arian na mayroon ang hindi namamasukan o independiyenteng kontratista na mahalaga sa tagumpay ng negosyo. Ang ari-arian/pinagkukunan na ito ay hindi mabibilang sa kalkulasyon ng CI para tukuyin ang pagkanararapat para sa mga bayad sa SSI.

Pagkalkula ng Halaga ng Bayad ng Iyong SSI: Para malaman kung magkanong pera ng SSI ang dapat mong matanggap, ibabawas ng SSA ang iyong countable income (CI) mula sa halaga ng tseke ng iyong SSI para sumapit sa bagong halaga ng bayad ng SSI kung mayroon man. Sa California ang tseke ng iyong SSI ay isang kumbinasyon ng mga bayad mula sa gobyerno ng pederal at estado. Kabilang sa tseke ng iyong SSI ang.

- Federal Benefit Rate (FBR) – Ang FBR ay ang pinakababayaran ng gobyerno ng pederal sa mga benepisyo ng SSI (\$733.00 sa 2016).
- State Supplement Program - Ang SSP ay ang pinakababayaran ng estado ng California sa mga benepisyo ng SSI (kasalukuyang \$156.40 hindi-Bulag/\$211.40 Bulag).

Halimbawa: Naghahanapbuhay ka at kumikita nang \$1,000.00 sa kabuuan kada buwan sa mga sahod. Tumatanggap ka rin ng \$889.40 (may kapansanan) o \$944.40 (bulag) na bayad ng SSI at may nasasakalawang SSI-linked MediCal.

Ipakikita ng halimbawa na ito ang kalkulasyon ng bayad ng countable income at SSI gamit ang formula ng pangunahing countable income. Hindi isinasama ng halimbawa ang anumang iba pang suporta ng trabaho/mga insentibo ng hanapbuhay tulad ng IRWE, BWE o SEIE.

Pagkakalkula ng Countable Income

Mga kabuuang Kinita	\$1,000.00	bago sa mgabuwis
<u>General Income Exclusion – GIE</u>	<u>\$-20.00</u>	
Natitira	\$980.00	
<u>Earned Income Exclusion – EIE</u>	<u>\$-65.00</u>	
Natitira	\$915.00	
50% disregard (hatiin sa 2)	\$457.50	
Kabuuang Countable Income	\$457.50	

Pagkakalkula ng Bayad ng SSI

	<i>Hindi Bulag</i>	<i>Bulag</i>
2016 Federal Benefit Rate – FBR	\$733.00	\$733.00
<u>2016 California State Supplement Program - SSP</u>	<u>+\$156.40</u>	<u>+\$211.40</u>
Kabuuang Halaga ng Kaloob ng SSI	\$889.40	\$944.40
<u>Bawasin ang Countable Income (mula sa itaas)</u>	<u>-\$457.50</u>	<u>-\$457.50</u>
Halaga ng Bayad ng SSI	\$431.90	\$486.90

**Kapag sero ang TCI o isang negatibo #, karapat-dapat ka sa iyong buong bayad ng SSI para sa buwan.

Ang iyong kabuuang kita ay magiging \$1,431.90 (\$1000 sahod + \$431.90 SSI) or \$1486.90 (\$1000 sahod + \$486.90 SSI). Mapapanatili mo rin ang nasasaklawan ng iyong SSI-linked MediCal.

Nasasaklawan ng MediCal: May iba't ibang kategorya ng MediCal kung saan maaaring maging karapat-dapat ang isang tumatanggap ng SSI na makatanggap ng mga serbisyo ng MediCal. Kabilang sa mga programang ito ang:

- *SSI-Linked MediCal* - Sa ilalim ng batas ng SSA, sa tuwing makakukuha ka ng \$1.00 sa mga bayad ng SSI na karapat-dapat ka sa buong nasasaklawan ng MediCal.
- *Section 1619b MediCal* – Pinahihintulutan ka ng Seksyon 1619b ng Social Security Act (The Act) na mapanatili ang nasasaklawan ng MediCal kung ang tanging dahilan na nawala mo ang bayad na cash ng SSI ay dahil sa iyong mga kinita. Maaari mong panatilihin ang nasasaklawan ng MediCal hanggang sa lebel na “threshold” ng estado na \$37,805 noong 2015. Maaari mo rin ipagkasundo ang isang indibidwal na halaga ng threshold sa MediCal unit ng estado batay sa iyong indibidwal na mga medikal na gastos.
250% California Working Disabled Program (250% CWD program)- Ang 250% CWD program ay programang “Buy-in” ng Medicaid ng California kung saan pinahihintulutan ka na bumili ng buong nasasaklawan ng MediCal sa pamamagitan ng sistema ng MediCal ng estado.
- *Aged, Disabled Federal Poverty Level (A&DFPL) MediCal* – Ang programang A&DFPL ay nagkakaloob nang buong saklaw ng MediCal sa mga indibidwal na natutugunan ang mga kinakailangang kita at ari-arian. Maaaring maging karapat-dapat din ang mga bulag na tao para sa programang A&DFPL kung mayroon silang kapansanan.
- *Programang Medikal na Nangangailangan ng MediCal* - Ang programang medikal na nangangailangan ay isang programa ng MediCal kung saan, ay ibinatay sa kita, na maaaring magkaroon ang indibidwal ng buwanang co-payment o “pagbabahagi ng gastos.”

Expedited Reinstatement (Pinabilis na Pagbabalik): Ang prebisyon ng expedited reinstatement (EXR), ng programang Ticket to Work ay ginagawa itong mas madali para sa iyo na mapanatili ang iyong mga serbisyo. Sa ilalim nang ilang pangyayari, maaaring maibalik ang mga benepisyo ng iyong SSI kahit na hindi ka naging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng SSI para sa labindalawa (12) o higit pang magkakasunod na mga buwan nang walang bagong aplikasyon.

Pahihintulutan ka ng mga probisyon ng expedited reinstatement na abisuhan ang SSA na wala ka nang mga kinikita na ginagawa kang hindi karapat-dapat na makatanggap ng mga bayad ng SSI. Maaari kang humiling na kailangan mong maibalik ang iyong mga benepisyo. Ang iyong mga benepisyo ay maaaring maibalik sa humigit-kumulang tatlo hanggang anim na linggo.

Para sa higit na impormasyon sa mga programa ng suporta ng trabaho/mga insentibo ng hanapbuhay ng SSA, maaari mong bisitahin ang website ng Social Security sa www.socialsecurity.gov o kumuha ng kopya ng lathala ng SSA, [Redbook on Employment Supports](#). Maaari mo rin kontakin ang Area Work Incentive Coordinator para sa SSA, ang proyekto ng Work Incentive Planning and Assistance sa iyong lugar. Maaari mo rin kontakin ang programa ng PABSS sa 800-776-5746 o bisitahin ang website ng Disability Rights California sa www.disabilityrightsca.org.

Narepaso ng SSA ang sumusunod na lathala para sa teknikal na katumpakan lamang; gayunmanr, hindi dapat itong ituring na isang opisyal na dokumento ng SSA.

Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.
